# MARIA

# Ina ni Hesus

## Ang Dakilang Babae ng Sangkatauhan



11 / 1428 H

COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE IN AL-BATHA
( UNDER THE SUPERVISION OF THE MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS )
P.o.Box.No 20824 - Riyadh 11465 K.S.A.
Tel. 4030251 - 4083405   FAX. 4059387

# MARIA
## (Ina ni Hesus)
## Ang Dakilang Babae Ng Sangkatauhan

# مريم من أفضل نساء العالمين

(باللغة الفلبينية)

تأليف:

أحمد جبريل سالاس

ترجمة:

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

مراجعة:

عمر بنيابير - نورجيد

محمد طه علي

[٢٤٨٩]

١٤٢٧هـ

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com

Unang Limbag 1427 H., 2006 CE
Ang lahat o anumang bahagi nitong aklat ay maaaring gamitin sa anumang pamamaraang paglalahad hangga't ang nilalaman nito'y hindi inililihis sa tamang kahulugan at diwa nito.
Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan Lamang sa: www.islamhouse.com

1427H
[2489]

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in RABWAH

Tel: 4454900 – 4916065

www.islamhouse.com

# MARIA

(Ina ni Hesus)

## Ang Dakilang Babae Ng Sangkatauhan

**Isinulat ni: Ahmad Jibreel Salas**
**Isinaayos sa Arabik ni: Muhammad Taha Ali**

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com
http:// www.islamhouse.com

***Qur'an 19:23*** *"at ang sakit (na dala) ng kanyang panganganak ang naghatid sa kanya sa isang puno ng datiles. Siya ay nagwika: Sana'y namatay na ako bago pa dumating ang pangyayaring ito (ang panganganak) at ako ay nabaon na sa limot."*

***Ito ang tagulaylay ng isang nagdadalamhating babae. Siya ay malapit, mapagmahal at mapagtiwala sa Diyos. Sino siya sa walang kupas na kasaysayan ng sangkatauhan/ Ano ang kanyang dalamhati/ At bakit kailangang pasanin niya ang pighati sa kabila ng kanyang kabanalan, wagas at busilak na puso. Siya ay si...***

# MARIA

## (Ina ni Hesus)
## Ang Dakilang Babae
## Ng
## Sangkatauhan

**Sinulat ni: Ahmad Jibreel Salas**
**Isinaayos sa Arabik ni: Muhammad Taha Ali**

SA NGALAN NG ALLAH, ANG MAHABAGIN, ANG MAAWAIN

## ANG PANIMULA

Lahat ng pagpupuri ay sa Allah lamang ang Panginoon ng lahat ng nilikha. Pinupuri natin Siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. Sinumang bigyan patnubay ng Allah (swt)ﷻ[1], walang sinumang makapagliligaw sa kanya at sinumang hinayaan Niyang maligaw, walang sinumang makapagbibigay patnubay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang ibang tunay na diyos maliban sa Allah (swt), ang nag-iisa na dapat pag-ukulan ng tapat na pagsamba. Ako ay sumasaksi na si Muhammad (saw)ﷺ[2] ay alipin at Sugo ng Allah. Nawa'y ipagkaloob ng Dakilang Allah (swt) ang pagpapala sa kasamahan at sa lahat ng taong sumusunod sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Bawat kasaysayang ipinahayag ng Allah (swt)ﷻ sa Kanyang Huling Aklat, ang Qur'an, ay naglalayong makapagturo sa tao ng mga aral tungo sa pagiging mabuting mananampalataya. Ang Qur'an ang humahawi ng mga haka-haka, maling kaisipan o pagkakilala at maging ang walang katotohanang iniugnay sa bawa't tao o bagay na itinuturing na may malaking bahagi ng

---

1 ﷻ(Subhanau Wa Ta'ala) ito ay isang salita mula sa wikang arabik na binabanggit tuwing ang pangalan ng Allah ay nababanggit. Ito ay isang paggalang, pagluwalhati o papuri sa Kanya na ang kahulugan ay [Luwalhati sa Allah, ang Kataas-taasan, ang Dakila.

2 ﷺ (Sallallahu Alayhi wa Saalam) ito ay salita mula sa wikang arabik na binabanggit tuwing ang pangalan ng Propeta Muhammad ay nasasambit. Ito ay isang du'a (panalangin) para sa kanya na nawa'y iupagkaloob sa kanya ang kapayapaan at pagpapala.

pananampalataya. Kaya't ang Qur'an ay tinawag na Al Furqan (isang salita mula sa wikang Arabik na may kahulugan na "Pamantayan") sapagkat ito ay tumatayo bilang pamantayan sa pagitan ng katotohanan at kasinungalingan. Ito ang nagsisilbing tagapagpaliwanag ng mga pangyayari o kasaysayan sa nagdaang panahon upang ganap na maituwid ang mga kamalian tungkol dito at muling ibalik sa antas ng katotohanan.

Ang isang halimbawa na binigyan ng liwanag ay ang katotohanan tungkol sa buhay ni Maryam[1] (Maria) ang dakilang Ina ni Isa[2] (Hesus ﷷ) sapagkat ang magandang kasaysayang ipinahayag ng Banal na Qur'an tungkol sa kanya ay makapagdudulot ng higit pang magandang kaisipan hindi lamang sa mga Muslim kundi sa mga Kristiyano na nagmamahal sa kanya. Ang kanyang kalinisan, at wagas na pagsamba ay sadyang maingat na nakatala sa Banal na Qur'an. At ito ay isang palatandaan lamang kung gaano pinarangalan at patuloy na pinararangalan ng relihiyong Islam at ng mga Muslim, ang isa sa mga Dakilang Babae ng Sangkatauhan - si Maryam bint Imran (Maria, ang anak ni Imran).

1 Ang pangalan ni Maria sa wikang Arabik ay Maryam. Sa kapakanan ng mga mambabasang di-Muslim, ipagpapatuloy ang paggamit ng pangalang "Maria" sa aklat na ito.

2 Ang pangalan ni Hesus sa wikang Arabik ay 'Eisa. Sa kapakanan ng mga mambabasang 'Hesus" sa aklat na ito. (Alayhis Salam) ito ay isang salita mula sa wikang Arabik sa tuwing binabanggit ang pangalan ng isang Propeta o Anghel. Ito ay isang du'a (dalangin) para sa kanila o kanino man sa kanila na nawa'y ipagkaloob ang kapayapaan at pagpapala ng Allah (ta'ala).

Sa tatlong kinikilalang relihiyon sa buong mundo --- ang Hudaismo (Judaism), Kristiyanismo at Islam, mayroon tatlong kakaibang pananaw ang Isinasaalang-alang ng mga tagasunod nito sa katauhan ni Maria. Sa pananaw ng mga Hudyo, ang pagkakilala nila sa kanya ay sadyang nakapanlulumo sa dahilang si Maria ay itinuturing bilang isang masama o maruming babae na nagkasala ng pangangalunya. Kaya naman, si Hesus sa kanilang paningin ay isang anak sa pagkakasala, at samakatuwid, isang huwad na Propeta. Sa panig naman ng ibang sekta ng relihiyong Kristiyanismo, ang pagkakilala nila kay Maria ay sadyang lagpas sa makatuwirang pananaw ng isang mabuting mananampalataya. Siya ay tinaguriang "Ina ng Diyos" sapagkat kinilala naman ang kanyang anak na si Isa ﷺ (Hesus) bilang anak ng Diyos o Diyos na nagkatawang-tao.

Sa relihiyong Islam, ang pananaw ng isang Muslim tungkol kay Maria ay nasa makatuwirang pagitan ng relihiyong Hudaismo at Kristiyanismo. Si Maria ay hindi masamang babae tulad ng pagturing ng mga Hudyo at hindi rin naman bilang "Ina ng Diyos" katulad ng pagturing ng ibang Kristiyano. Ang pagkakilala ng Muslim kay Maria ay batay sa aral ng Qur'an at Hadith[1] ni Propeta Muhammad ﷺ. Si Maria ay isa sa pinakadakilang Babae ng Sangkatauhan. Ang kanyang kasaysayan ay isang malaking bahagi ng Kapahayagan ng Banal na Qur'an ang aklat na paullit-ulit na binibigkas at binabasa ng mga Muslim sa kanilang pang-araw-araw na pagsamba sa

1 Hadith - ito ay mga tinipong mga salita, aral o mga bagay na sinang-ayunan o ipinagbawal ng Sugo ng Allah ﷺ na si Muhammad ﷺ

Dakilang Lumikha.

Bagaman si Propeta Muhammadﷺ ay mula sa mga arabong Lahi ni Propeta Ismael (isa sa anak ni Propeta Ibrahim [Abraham]) siya mismo ang nagtanggol at nagbigay patunay sa kalinisan ni Maria at ni Hesus (ang mag-ina na mula sa angkan ng Israel na kung saan naman nagsanga ang lahi ng mga Hudyo). Taliwas sa mga paratang ng mga Hudyo, na dapat sana ay magbigay ng karangalan kay Maria at Isaعليه السلام (Hesus) dahil iisa ang kanilang pinag-ugatang lahi. Ang itinakdang magtanggol kay Maria at Isaعليه السلام (Hesus) ay mula sa lahi ng mga Arabo, si Propeta Muhammadﷺ.

Sa mahabang panahon, ang hidwaan ng mga Hudyo at Arabo ay patuloy magpahanggang sa ngayon. Subali't, sa kabila nito, ang Banal na Qur'an na ipinagkatiwala kay Propeta Muhammadﷺ na isang Arabo ay nagpahayag ng isang katotohanan upang bigyang katarungan ang tunay na pangyayaring naganap kay Maria at Propeta Isaعليه السلام (Hesus).

Ang kapahayagan ng Banal na Qur'an ay hindi pansariling pagnanasa ng Propeta Muhammadﷺ kundi isang kautusan sa kanya bilang Huling Sugo para sa Sangkatauhan. Sinunod lamang niya ang anumang kapahayagan ng Allah (swt)ﷻ sa kanya. Kaya, ang Banal na Qur'an ay nagpatunay nito.:

***Qur'an 10:15*** *"Sabihin mo (o Muhammad), wala sa akin ang karapatan upang baguhin ito ng ayon sa aking (sariling) pagnanasa, Sinusunod ko lamang kung ano ang*

*ipinahayag sa akin."*

***Qur'an 10:16*** *"Kung ninais lamang ng Allah, hindi ko ito magagawang bigkasin (o isiwalat) sa inyo…"*

***Qur'an 3:44*** *"(Ito ay) bahagi ng isang balita mula sa Al Ghaib (di-nakikita) na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad)…"*

## MARYAM – ANG KASAYSAYAN

Ating tunghayan ang kasaysayan ni Maria, ang dakilang ina ni Hesus. Ang salaysay ng Surah Maryam (Isang Kabanata mula sa Banal na Qur'an) na tumatalakay tungkol kay Maria ay sadyang tumatagos sa puso at kalamnan ng sinumang mambabasa. Walang aklat sa buong kasaysayan ng mundo ang nakapagbigay ng isang magandang damdamin tungkol sa kadakilaan ni Birhen Maria maliban sa Banal Na Qur'an, ang Huling Kapahayagan ng Nag-iisang Diyos na ipinagkatiwala Niya sa Kanyang Huling Sugo at Propeta na si Muhammad Ibn Abdullah(saw)ﷺ. Walang mata ang hindi luluha sa kabanal-banalan at napakagandang salaysay ng Banal na Qur'an tungkol sa Dakilang Babae ng Sangkatauhan- si Maria. Bawat talatang tumatalakay sa kanyang katauhan ay tigib ng inspirasyon at umaakay sa magandang damdamin ng bawa't taong nagmamahal at may matiim na paghanga sa kanya. Sino pa nga ba ang makapagbibigay ng magandang salaysay kundi ang Tanging nag-Iisang Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

Siya ay may Ganap na Kaalaman, ang may ganap na Karunungan. Sinumang mambabasa, maging siya man ay Muslim o Kristiyano ay katiyakang hindi mapasusubalian ang karangalang ipinagkaloob ng Dakilang Maykapal-Allah (swt)ﷻ kay Maria-ang babaing nagmula sa Pamilya ng sangkatauhan.

## ANG ANGKANG PINAGMULAN NI MARIA

Si Maria ay mula sa Angkan ng mga Propeta. Ang kanyang mga magulang ay sina Imran at Hannah Bint Faqoud. Ang Allahﷻ ay nagsabi:

**Qur'an 3:33-34** *"Katotohanan! Pinili ng Allah si Adam, Noah, at ang angkan ni Abraham at ang angkan ni Imran ng higit sa lahat ng (Kanyang mga) nilikha. Bawa't isa sa kanila ay lahi ng isa't-isa. At ang Allah ang Nakaririnig, ang Nakaaalam."*

Si Hannah ay hindi magka-anak sa mahabang panahon. Sa kanyang mataimtim na panalangin, siya ay nagsumamo sa Allah (swt)ﷻ na siya ay pagpalain sa pamamagitan ng pagkakaloob sa kanya ng isang anak at bilang isang panata o pangako, ito ay iaalay niya sa paglilingkod sa Allah (swt)ﷻ. Ang Banal na Qur'an ay nagpatunay nito:

**Qur'an 3:35** *"(Alalahanin) Nang ang asawa ni Imran ay nagsumamo: "O, aking Panginoon! Ako ay nangangako sa Iyo na ang sanggol sa aking sinapupunan ay iaalay ko sa Iyo bilang paglilingkod sa Iyo (tanging sa pagsamba*

*lamang sa Iyo) kaya tanggapin Mo ito mula sa akin. Tunay, na Ikaw ang Palakinig. At ang Maalam."*

Kaya, nang isinilang niya ang sanggol, siya ay nagsabi nang may pasasalamat at kasiyahan:

**Qur'an 3:36** *"O aking Panginoon! Ako ay nagsilang ng isang batang babae at ang Allah ang higit na nakakaalam sa kanyang isinilang, datapuwat ang lalaki ay hindi tulad ng babae at aking pinangalang Maryam (Maria) at ako ay nagpapakupkop sa Iyo para sa kanya at sa kanyang magiging anak laban kay Satanas, ang isinumpa[1]."*

## Ang Pangangalaga at Pagpapalaki kay Maria

Kaya, tinanggap ng Allah (swt)ﷻ ang dalangin ng ina ni Maria. Ang Banal na Qur'an ay nagpatunay nito:

**Qur'an 3:37** *"Kaya, tinanggap ng kanyang Panginoon (Allah) mula sa kanya nang may kaaya-ayang pagtanggap. At pinagyaman Niya ito nang may mabuting asal at inilagay siya sa ilalim ng pangangalaga ni Zakariyya..."*

Ayon sa pagtatala ni Ibn Jabir, si Ikrimah ay nagsabi, *"Dinala ng ina si Maryam (Maria) na nakabalot pa sa lampin sa mga Rabbi, ang mga inapo o lahi ni Propeta*

1 Sa pagsasalaysay ni Abu Hurayrah, si Propeta Muhammadﷺ ay nagsabi: Bawa't bagong silang na sanggol ay hinahawakan ni Satanas. At ang sanggol ay magsisimulang umiyak nang dahil sa kanyang paghawaka maliban kay Maryam (Maria) at sa anak (si Elsaعليه السلام [Hesus]). (Tafsir Ibn Kathir, vol 2. phina 150

*Harun (Aaron)ﷺ, ang kapatid ni Musa (Moises)ﷺ. Noong panahong yaon, ang pangangasiwa at pangangalaga ng Bayt Al Maqdis (sa Herusalem) ay nasa mga kamay ng mga Rabbi.* Sinabi ng ina ni Maryam (Maria), *"Kunin ang batang ito na aking ipinangakong maglilingkod sa Allah. Siya ay aking anak at pinalalaya ko na siya at hindi ko na siya ibabalik sa aming pamamahay."* Sila ay nagsabi, 'Anak siya ng ating Imam[1]' sapagkat laging pinamumunuan sila ni Imran sa pagdarasal, siya ang nagsasaayos sa mga rituwal ng pag-aalay'. Si Zakariyyaﷺ[2] ay nagsabi, 'ibigay siya sa akin dahil ang kanyang tiyahin sa kanyang ina ay aking asawa'. Sila (mga Rabbi) ay nagsabi, 'Hindi maaatim ng aming kalooban na ibigay siya sa iyo dahil siya ay anak ng aming Imam. Kaya, sila ay nagsagawa ng loterya sa pamamagitan ng kanilang panulat na ginamit nila sa pagsusulat ng Tawrah (Tawrat ni Moisesﷺ), at si Zakariyyaﷺ ang nagwagi at kinuha si Maryam sa ilalim ng kanyang pangangalaga (At Tabari 6:351).

Ang pagtatalong ito ay ipinahayag ng Banal na Qur'an bilang bahagi ng kasaysayang nagdaan:

**Qur'an 3:44** *"(Ito ay) ay bahagi ng isang balita mula sa Al Ghaib (di-nakikita) na Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad). Ikaw ay hindi naroroon sa kanila (sa*

---

1 Imam – ito ay Islamikong katawagan o taguri sa sinumang namumuno sa sama-samang pagdarasal na isinasagawa sa isang Masjid (Moske).

2 Si Zakariyyah ay asawa ng kapatid ni Hannah bint Faquod, ang ina ni Maryam (Maria). Siya ang ama ni Yahya (Juan [Bautista]) kaya ang huli at si Isa (Hesus) ay magpinsang-buo.

*panahong yaon), nang sila ay maghagis ng kanilang panulat upang pagpasiyahan kung sino sa kanila ang mangangalaga kay Maryam (Maria) at ikaw ay wala sa kanila nang sila ay magtalo-talo."*

Lumaki si Maria na may angking kabanalan, kabaitan, kalinisan ng puso at kagandahang-asal. At dahil sa pagpapala ng Allah (swt)ﷻsa kanya, may kaakibat na himala ang kanyang pamumuhay. Ang pagkain ni Maria ay tuwirang nagmumula sa Allah (swt)ﷻ. Kaya, minsan ay namangha ang kanyang tagapag-alaga at amaing si Propeta Zakariyya عليه السلام sapagkat:

**Qur'an 3:37** *"..Tuwing pumapasok si Zakariyya sa Mihrab upang dalawin siya (Maria), kanyang natatagpuang mayroong pagkain. Siya (Zakariyya) ay nagsabi: O Maryam (Maria)! Saan mo kinuha ang mga ito (pagkain)? Siya (Maria) ay nagsabi: Ito ay nanggaling sa Allah. Katotohanan, ang Allah ay nagkakaloob sa kaninumang Kanyang naisin, ng walang sukat."*

Mula sa Tafsir ni Ibn Khatir (vol 3 pahina 151, Tafsir ng Surah Al Imran ayah bilang 37 na hinango sa panulat ni Ibn Abi Hatim 2:227-229) na ayon kay Mujahid, Ikrimah, at iba pang manunulat ng kasaysayan, "Natatagpuan niya (Zakariyya) si Maryam na kung panahon ng tag-lamig, nakikita niyang mayroon itong mga prutas na pantag-araw. At kung tag-araw naman, natatagpuan niyang mayroong mga prutas na pantag-lamig".

# ANG MAGANDANG BALITA KAY MARIA

## UNANG YUGTO

## ANG PAGPILI NG DIYOS KAY MARIA

Ito ang *Tafsir* (paliwanag) ni Ibn Kathir[1] sa simula ng kasaysayan ni Maria: Ang Allah (swt)ﷻ ay nagsabi na ang mga anghel ay nagsalita kay Maria sa pamamagitan ng Kanyang Kautusan at sinabi na siya ay pinili nang dahil sa kanyang tapat na paglilingkod sa Kanya, ang kanyang pagiging mahinhin, marangal, kawalang kamuwangan sa makamundong bagay, at katatagan sa pananampalataya. At siya ay pinili nang dahil sa kanyang mga katangian ng higit sa kaninumang babae sa mundong ito.

**Qur'an 3:42** *"At (alalahanin) nang ang mga anghel ay nagsabi: "O, Maryam (Maria), katotohanan, pinili ka ng Allah, ginawang malinis (at wagas) at pinili ka ng higit sa mga kababaihan ng lahat ng nilalang."*

Bilang panimulang kautusan kay Maria, siya ay inutusan ng Allah (swt)ﷻ sa pamamagitan ng mga anghel na dagdagan niya ang mga gawang pagsamba, pagpapakumbaba, pagpapatirapa, pagyukod upang kanyang ganap na magampanan kung ano ang itinakda ng Allahﷻ para sa kanya bilang pagsubok sa kanya.[2]

---

1 Si ibn Kathir ay isang pinagpipitaganang iskolar ng Islam na may sariling Tafsir (pagpapaliwanag ng Qur'an na may pamagat ng "Tafsir Ibn Kathir" (Volume 1-10).

2 Ang paliwanag na ito ay mula sa Tafsir ni Ibn Kathir, isang

**Qur'an 3:43** *"O, Maryam (Maria)! Isuko mo ang iyong sarili nang may ganap na pagtalima (pagsunod) sa iyong Panginoon at iyong ipatirapa ang sarili, at iyuko kasama ng mga nagsisiyuko."*

## IKALAWANG YUGTO

## ANG PAHAYAG NG ANGHEL GABRIEL KAY MARIA TUNGKOL KAY HESUS

Dumating ang mga anghel na may balita kay Maria na siya ay magsisilang ng isang dakilang sanggol na may dakilang layunin. Ang Allah ﷻ ay nagpahayag:

***Qur'an 3:45-48*** *"Tandaan! Nang ang mga Anghel ay nagwika: "O, Maryam (Maria)! Katotohanan, ang Allah ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang Salita mula sa Kanya: ang kanyang pangalan ay Mesiyas, `Isa (Hesus), anak ni Maryam (Maria), na may mataas na karangalan sa daigdig na ito at sa kabilang buhay. At siya ay nasa (hanay ng) mga malalapit (sa Allah). At siya ay magsasalita sa tao mula sa (kanyang) duyan (kamusmusan) at kagulangan. At siya ay nasa (hanay ng) mga matutuwid. Siya (Maria) ay nagwika: O! aking Panginoon! Paano ako magkakaroon ng anak gayong walang lalaki ang humawak sa akin? Siya ay nagwika: (Kahit na) Ganyan ang Allah, lumilikha ng anumang*

---

pinagpipitaganang iskolar ng Islam na matatagpuan sa kanyang aklat na may pamagat na "Tafsir Ibn Kathir" (Volume 2) pahina 157.

*Kanyang naisin. Kapag Kanyang itakda ang isang bagay, Siya ay magsasabi (lamang) ng "Kun"* ***(Maging)*** *at "Fayakun"* ***(at mangyayari nga).***

Sa talatang nabanggit sa itaas, si Maria ay tunay na larawan ng isang malinis na babae at busilak na puso. Siya ay sagisag ng walang kamuwangan, kaya naman siya ay namangha nang sabihin sa kanya ng mga anghel na siya ay magsisilang samantalang siya ay ganap na birhen. Gayon paman ang kanyang katatagan sa pananalig sa Makapangyarihang Diyos ang nagbigay liwanag sa kanya upang tanggapin niya ang himala at kaakibat ng tungkuling nakaatang sa kanya bilang isang mananampalataya. Natanim sa kanyang pag-iisip ang Ganap na Kapangyarihan ng Diyos, na anuman ang Kanyang likhain o naising gawin, ito ay tunay na magaganap at mangyayari.

## ANG IKATLONG YUGTO

## ANG PAGDADALANG-TAO NI MARIA

Nagsalaysay ang Banal na Qur'an:

**Qur'an 19:16-17** *"At banggitin (mo) sa Aklat (Qur'an) ang kasaysayan ni Maryam (Maria), nang siya ay lumayo mula sa kanyang pamilya (upang humayong mag-isa patungo) sa isang pook sa dakong silangan. Siya ay naglagay ng tabing (upang ikubli ang sarili) mula sa kanila pagkaraan Aming isinugo ang 'Ruh' (Anghel Gabriel) at lumitaw sa kanya sa anyong ganap na tao."*

Dahil sa tawag ng tungkulin mula sa Diyos (Allah (swtﷻ) si Maria ay tumalima at sumunod sa kautusan. Sa kanyang pag-iisa, biglang nagpakita ang anghel Gabriel sa kanya sa ganap na anyong tao, kaya siya ay namangha at nagwika:

**Qur'an 19:18** *"Katotohanan!, ako ay nagpapakupkop sa Mahabagin (Allah) laban sa iyo, kung ikaw ay may takot sa Allah."*

Ngunit ang Anghel Gabriel ay malugod na nagpaliwanag na siya ay napag-utusan lamang ng Allah (swt)ﷻ:

**Qur'an 19:19** "*Siya (Anghel Gabriel) ay nagsabi: Ako ay isang Sugo lamang mula sa iyong Panginoon (upang ibalita sa iyo) ang isang pagpapala (bilang gantimpala sa iyo) ang (pagkakaroon mo ng) isang matuwid na anak na lalaki."*

Sa talatang nabanggit, muli ipinaalala kay Maria na siya ay pagpapalain ng isang anak na lalaki (Hesus) bilang gantimpala sa kanyang pagiging malinis at matibay na pananampalataya. At itinanong ni Maria upang magkaroon ng katiyakan na ang lalaking kanyang kaharap ay tunay na anghel. Siya ay nagtanong:

**Qur'an 19:20** *"Siya ay nagsabi: "Paanong ako ay magkakaroon ng isang anak na lalaki samantalang walang lalaking sumaling sa akin at ako ay hindi isang maruming babae?"*

Ang Anghel Gabriel عليه السلام ay sumagot:

**Qur'an 19:21** "*Siya ay nagsabi: Kahit na (ito ay mangyayari), ang iyong Panginoon ay nagsabi: Yaon ay madali para sa Akin at Aming itinakda siya (Hesus) bilang palatandaan*[1] *sa Sangkatauhan at isang Habag mula sa Amin, at ito ay isang bagay na itinakda na.*"

Nang sabihin ni Anghel Gabriel عليه السلام kay Maria na ang lahat ay naitakda na ng Allah (swt) tinanggap niya ito nang buong puso at ganap na pagtitiwala at katatagan. Ang *Tafsir* (pagpapaliwanag) sa pangyayaring ito ay binigyan ng pagsasalaysay ng ganito: '*Hinipan ni Anghel Jibril* عليه السلام *(Gabriel) ang kasuotang damit ni Maryam (Maria). Pagkaraa'y, ang hininga ay pumasok sa kanayang sinapupunan at siya ay naglihi.* (*Tafsir Ibn Khatir Vol 6*

---

1 Si Isa (Hesus عليه السلام) at maging ang kanyang Ina na si Maria ay isang palatandaan para sa sangkatauhan. Ang Dakilang Lumikha ay nagpapahiwatig sa tao na Siya ay Ganap na Makapangyarihan. Kung itakda Niya ang isang bagay, Siya ay magsasabi lamang ng *Kun* (Maging) at (*Fayakun*) mangyayari nga. Ibat't-ibang uri ng pamamaraan ang ipinakita ng Allah sa paglikha Niya sa tao. Una, nilikha Niya si Adan na walang nakaugnay na babae (ina) at lalaki (ama) sa kanya. Ikalawa, nilikha Niya si Hawa (Eba) mula sa tadyang ng isang lalaki (Adan) ngunit walang nakaugnay na babae (ina). Ikatlo, nilikha Niya si Hesus عليه السلام mula sa babae (kay Maryam [Maria] ngunit walang kinasangkutang lalaki (ama). Ikaapat nilikha niya ang karaniwang tao mula sa ugnayang babae (ina), at lalaki (ama). Kaya, ang pagkakalikha sa tao ng Makapangyarihang Diyos sa anumang pamamaraan ay isang pagpapahiwatig ng Kanyang Walang Hanggang Kadakilaan at Kaluwalhatian. Ang kapangyarihan sa pagkalikha at kautusan ay para lamang sa Kanya. Kaya naman, nararapat lamang na ang tapat na pagsamba ay iukol at ialay lamang sa Kanya.

*pahina 244). Bilang karagdagang paliwanag (mula din sa Tafsir Ibn Khatir pahina 244). Si Muhammad bin Ishaq ay nagsabi, "Nang siya ay maglihi habang sumasalok ng tubig sa balon, siya ay bumalik sa kanyang kamag-anak.* Ang Banal na Qur'an nagpahayag tungkol sa himalang naganap at nangyari kay Maria:

**Qur'an 21:91** *"At siya (Maryam [Maria] na nangalaga sa kanyang kalinisan (dangal at puri): Amin siyang hiningahan (sa manggas ng kanyang damit [sa pamamagitan ng Anghel Jibril])…"*

Pagkaraan nito, ang kanyang buwanang regla ay tumigil at siya ay nakaranas ng karamdamang tulad ng isang karaniwang nagdadalan-tao. Ang kanyang kulay ay nagbago at maging ang kanyang pananalita. Mula noon, wala ng tao ang dumalaw sa tahanan ni Zakariyya عليه السلام.I Ang balita ng pagdadalang-tao niya ay kumalat mula sa angkan ng Israel. Ito rin ang simula na si Maria ay paratangan o pagbintangan bilang isang babaing nangalunya sa lalaking si Yusuf[1] (Joseph, ang karpintero) sa dahilang ang huli ay nasa templo. Wala ng tao pa ang nakakita kay Maria at wala din siyang nakitang tao mula ng siya ay magdalantao *(Tafsir Ibn Kathir vol 6 pahina*

1 Ito ang paliwanag sa Tafsir Ibn Kathir ng Surah 19 Maryam sa pahina 244 (vol 6). Ang Banal na Qur'an at maging sa mga Hadith ng Propeta Muhammad ﷺ ay walang pahayag na si Yusuf عليه السلام (Joseph) ay naging asawa ni Maria. Sapat na sabihin na pinanatili ng Islam ang ganap na kalinisan ni Maria laban sa anumang dungis na iniaakibat sa kanyang dangal at puri. At bilang Muslim, ipinag-uutos na maging maingat sa pagbibigay ng anumang pahayag na walang batayan mula sa Qur'an at hadith. At tanging ang Allah ﷻ lamang ang ganap na nakakaalam.

*244).* Ang Banal na Qur'an ay nagsalaysay tungkol sa naganap na pangyayari:

**Qur'an 19:22** *"Kaya, siya ay nagdalang-tao at siya ay humayo sa isang malayong pook."*

## ANG PANGANGANAK NI MARIA

Ang kabanalan ng tungkulin ni Maria ang siyang nagbigay katatagan sa kanya upang magpakasakit siya alang-alang sa pagsasakatuparan nito. Mag-isa niyang binalikat ang pagdurusang ito subalit, ang patnubay ng Dakilang Maykapal ay nasa kanya. At natagpuan na lamang ang sarili na tigib ng dalamhati sa isang pook. Ang Banal na Qur'an ay nagsalaysay:

***Qur'an 19:23*** *"At ang sakit (na dala) ng kanyang panganganak ang naghatid sa kanya sa isang puno ng datiles. Siya ay nagwika: Sana'y namatay na ako bago pa dumating ang pangyayaring ito (ang panganganak) at ako ay nabaon na sa limot"*

At pagkaraan ng pagdurusa at pighating dala ng hirap ng panganganak, siya ay nagsilang ng isang lalaking sanggol. At kaakibat nito ang mga himala ng pagsisilang.

**Qur'an 19:24** *"Pagkaraan, isang tinig mula sa kanyang paanan ang tumawag: "Huwag kang malumbay, ang iyong Panginoon ay nagbigay sa iyo ng isang bukal ng tubig sa iyong paanan."*

**Qur'an 19:25** *"At iyong yugyugin ang sanga ng datiles (mula sa iyong itaas), (at) malalaglag ang mga sariwang hinog na bunga."*

Ang bukal na tubig sa tabi ng kanyang paanan at ang mga bunga ng datiles ay nagsilbing pagkain at inumin niya upang mapawi ang kanyang gutom at uhaw. Maituring na isa ring himala, sa kabila ng kalagayan ni Maria ay nakayanan niyang yugyugin ang isang puno ng datiles. Ito ay isang palatandaan lamang na siya ay ganap na pinatnubayan at pinagpala ng Dakilang Maykapal. Nang siya ay naging malakas na, siya ay pinagpayuhang magsagawa ng pag-aayuno[1] bilang bahagi ng takdang magaganap sa kanya. Ito rin ang paliwanag (*Tafsir*) ng mga mapananaligang maalam na Muslim tungkol sa pangyayaring ito. (Higit na nakakaalam ang Allah (swt) tungkol dito).

**Qur'an 19:26** *"Kaya, kumain at uminom at masiyahan. At kung sakali mang iyong makadaup-palad ang sinumang tao, iyong sabihin "Katotohanan! ako ay nagbigay panata (sa pamamagitan) ng pag-aayuno sa Mahabaging (Diyos) kaya hindi ako magsasalita sa kaninumang tao sa araw na ito."*

---

1 Ang pag-aayuno ay isang haligi ng Pananamplatayang Islam. Ito ay isang kautusan ng Makapangyarihang Diyos sa lahat ng tao na may kakayahang mag-ayuno. Sa lahat ng panahon, ating matutunghayan kahit sa mga naunang Banal na Kasulatan (Tawrat [ang kasulatan ipinahayag kay Moises] at Injel [Ebanghelyo [ang kasulatan ipinahayag kay Hesus] na ang pag-aayuno ay isang kautusang ipinag-aanyaya upang ang tao ay matutong magpigil sa sariling pagnanasa at makamtan niya ang tunay na diwa ng pagsunod sa kanyang Panginoon.

## ANG PAGBABALIK NI MARIA SA KANYANG ANGKAN

Dahil sa kautusan ng Allah, nagsimula siyang maglakbay patungo sa kanyang pamayanan ng buong katatagan at tibay ng kalooban. Dala-dala niya ang sanggol na si Hesus [Isa عليه السلام], at sa pagkakataong ito, handa siyang magbigay patunay na nangyari. Kaya, siya ay hindi na rin nabahala sa ano mang sasabihin sa kanya ng mga tao sapagkat ang himala ng kanyang sanggol na anak ay higit na magbibigay liwanag tungkol sa kanyang pagkakaroon ng anak na hindi sumailalim sa karaniwang daloy ng pagiging ina. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag tungkol dito:

**Qur'an 19:27** *"At kanyang dinala siya (ang sanggol) patungo sa kanyang mga mamamayan (at) sila (mga tao) ay nagsabi: O Maryam (Maria)! Tunay na ikaw ay nagdala ng isang bagay na kamangha-mangha".*

At ang ilan sa mga taong nakapaligid ay nagtanong at nag-usisa din sa kanya na may bahid ng panunumbat at pag-aalinlangan sapagkat ang kanilang lahi o angkan ay bantog sa pagiging makadiyos at kilala bilang marangal na lahi ng mga Propeta. Kaya, ang ilan ay nagsabi:

**Qur'an 19:28** *"O kapatid na babae ni Harun[1] (Aaron)! Ang*

---

1 Si Maryam (Maria) ay tinawag na kapatid na babae ni Harun (Aaron) sapagkat siya ay mula sa angkan ng mga Propetang sina Moises at Aaron (at ito ay isang kawikaan o katagang naibubulalas (idiomatic expression) kung ang isang tao ay nabibigla o namamangha at hindi

*iyong ama ay hindi isang tao na nagkasala (ng pangangalunya) at maging ang iyong ina ay hindi isang maruming babae."*

At dahil nga si Maria ay nag-aayuno, hindi siya nagsalita bagkus itinuro niya ang batang sanggol. Sadyang ang salaysay na ito ay makabagbag damdamin at tunay na ang kapahayagang ito ay isang palatandaan ng malinis at wagas na puso ng dakilang babae ng sangkatauhan.

**Qur'an 19:29** *"At kanyang (Maria) itinuro ito (ang*

---

makapaniwala. Sa wikang Arabik, ang salitang "akhun" [kapatid na lalaki] o "ukhtun" [kapatid na babae] ay may dalawang kahulugan: 1. kapatid sa dugo at 2. kapatid sa angkan o lahi o kapatiran sa pananampalataya. Ganito rin ang ginamit ng Qur'an sa ibang talata nito. Halimbawa, sa Surah 11 talata bilang 78, si Propeta Lot ay tinawag ang mga kababaihan ng kanyang pamayanan bilang "aking mga anak na babae [my daughters]. Sa Surah 7, talata bilang 65,73 at 85, sina Propeta Hud, salih, at Shuaib ay tinawag na "kapatid na lalaki" ng kani-kanilang mamamayan. At maging ang mga mamamayan ni Propeta Lot ay tinawag na kapatid ni Propeta Lot maliban sa salitang "banati" na ang kahulugan ay "aking mga anak na babae [my daughters]." Kaya, ang "O! kapatid na babae ni Aaron" ay ginamit bilang kawikaan (idiom) batay sa angkan o lahi. Kahit sa Ebanghelyo ni Lukas [Bibliya Bagong Tipan], si Elizabeth na asawa ni Zakariyyah ay tinawag na "daughter of Aaron", sa English translation. (Ang paliwanag na ito ay hinango at sinipi mula sa aklat na may pamagat na "*The Sources of the Qur'an, A Critical Review of the Authorship Theories ni Hamza Mustafa njozi ng World Assembly of Muslim Youth, Saudi Arabia. Sa nakaraang paliwanag, ang mga Rabbi na namamahala sa Bayt Al Maqdis ay mula sa angkan ni Aaron. Kaya, ang mga tao sa panahon na yaon ay kinikilala at iginagalang ang lahi ni Imran (ama ni Maria) bilang mga taong nagmula sa angkan ng mga Propeta.*

*sanggol). Sila (mga tao) ay nagwika: "Paano naming makakausap ang isang batang (musmos) na nasa duyan[1]?"*

---

1 Si Abu Hurayrah ay nagsalaysay na ang Sugo ng Allah ay nagsabi: "Walang sinuman ang nagsalita sa kanilang kamusmusan maliban sa tatlo: (Ang una ay si Isa Ibn Maryam [Hesus, anak ni Maria]), (ang ikalawa ay): Mayroong isang lalaki mula sa angkan ng Israel na ang pangalan ay Juraij. Habang siya ay nagdarasal, ang kanyang ina ay dumating at tinawag siya. Sinabi niya sa kanyang sarili, "Dapat ko ba siyang sagutin o ituloy ko ang pagdarasal?" siya ay nagpatuloy sa pagdarasal at hindi niya sinagot ang ina. Ang kanyang ina ay nagsabi, "O, Allah, huwag Mo pong ituloy na siya ay mamatay hanggang hindi siya makatagpo ng isang babaeng mababa ang lipad (nagbibili ng aliw). Kaya, habang siya ay nasa pag-iisa (kalagayang hermitanyo), isang babae ay dumating at inakit siya ngunit siya ay tumanggi. Kaya, ang babae ay nagtungo sa isang pastol at inalay ang sariling katawan upang makipagtalik, at pagkaraan, siya ay nanganak at sinabing ito ay anak ni Juraij. Ang mga tao, samakatuwid, ay dumating sa kanya at siya inabuso. Si Juraij ay nagsagawa ng (Wudhu) paglilinis sa katawan at nag-alay ng (mataimtim na) pagdarasal, at pagkaraan ay nagtungo sa batang musmos at nagsabi: O, batang musmos! Sino ang iyong ama? Ang bata ay sumagot, "Ang pastol". Nang marinig ito, ang mga tao ay nagsabi: Ipagpapatayo ka namin (O Juraij) ng iyong tirahan (sa pagiging hermitanyo) na yari sa ginto," ngunit siya ay nagsabi: "Hindi, ipagpagawa na lamang ninyo ako ng isang yari sa luwad (lupa)." (Ang ikatlo ay isang bayani ng isang kasunod na kuwento): Ang isang babae mula sa angkan ng Israel ay nagpapasuso ng kanyang anak nang ang isang makisig na lalaki ay dumaan sa kanya. Siya ay nagsabi, "O, Allah! Gawin Mong katulad niya ang aking anak." Sa humarap sa makisig na lalaki at nagsabi: "O, Allah, huwag Mo po akong gawing katulad niya. At pagkaraan, muling sumuso ang bata. Pagkaraan, may mga taong nagdaan na may dalang babaing alipin at ang ina ng bata ay nagsabi: "O, Allah, huwag Mong gawin katulad nito (babaeng alipin) ang aking anak!" Sa gayon, ang bata ay muling tumigil sa pagsuso at nagsabi: "O, Allah! Gawin Mo akong katulad niya." Nang sabihin ng ina sa anak

Sa talata sa itaas ganap na namangha ang mga tao at sinabing paano nga naman nila makakausap ang isang musmos na sanggol. Subalit, ang himala ay naganap. Ang sanggol na si (Hesus) ay nagsimulang mangusap at nagpatunay na siya ay isang pagpapala mula sa Makapangyarihang Diyos. Ito ay isang banal na salaysay na nagbigay na dakilang kalagayan ni (Hesus). Ang kanyang kamusmusan ay palatandaan ng Makapangyarihang Gawa ng Dakilang Tagapaglikhaﷻ. At ito rin ay isang kahanga-hangang patunay sa kapangyarihang ipinagkaloob ng Allah (swt)ﷻ kay (Hesus عليه السلام) bilang Propeta at Sugo ng Allah.

**Qur'an 19:30-34** *"Siya (Hesus) ay nagsabi: "Tunay na ako ay alipin ng Allah: Ako ay binigyan ng Kasulatan at ginawa Niya akong Propeta. At Kanya akong pinagpala saan man ako pumaroon at ako ay napag-utusan (upang magsagawa ng) pagdarasal at kawanggawa, habang ako ay nabubuhay. At maging mapaglingkod sa aking Ina at hindi Niya ako ginawang suwail na mapangmataas. At kapayapaan sa akin sa araw na ako ay isinilang, at sa araw na ako ay mamamatay at sa araw na ako ay pababanguning muli. 'Yaon ay si `Isa (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria). (Ito ay) isang pahayag ng katotohanan tungkol sa kanilang pinag-aalinlanganan. "*

Ito ang pinakamahalagang yugto sa buhay ni Maria at

---

kung bakit, ang bata ay sumagot, "Ang makisig na lalaki ay isang mapang-abusong tao samantalang itong babaing alipin ay pinaratangan ng pagnanakaw at pakikipagtalik." (Sahih Al-Bukhari, vol 4, Hadith bilang 645)

ang himalang umugnay sa kanya at sa kanyang dakilang anak-si Isaﷺ (Hesus). Habang panahon, ang salaysay na ito ay mananatiling isang patunay sa kadakilaan ni Maria at ni EIsaﷺ (Hesus). At sa huling yugto ng kasaysayan ni Maria, ang sanggol na si EIsaﷺ (Hesus) ay nagbigay ng malinaw na pahayag upang magsilbing aral sa lahat na tao.

**Qur'an 19 :35** *'Hindi angkop (sa kadakilaan) ng Allah na Siya ay nararapat na magkaroon ng anak (na lalaki). Luwalhati sa Kanya (higit Siyang Mataas kaysa sa lahat ng iniuugnay sa Kanya). Kung Kanyang itakda ang isang bagay, Siya ay magsasabi lamang ng 'Kun' (Maging) 'Fayakun' (at Mangyayari nga.)'*

At si Eisaﷺ (Hesus anak ni Maria) ay nagbigay paalaala sa sangkatauhan na bumalik sa malinis na pagsamba sa Makapangyarihang Diyos. Siya ay nag-anyaya:

**Qur'an 19:36** *[Isaﷺ, (Hesus) ay nagsabi]: 'At katotohanan, ang Allah ang (Siyang) aking Panginoon at ang inyong Panginoon. Kaya, sambahin Siya (at tanging Siya lamang). Ito ang Matuwid na Landas.'*

## ANG MGA KATANGIAN NI MARIA

Bukod sa Banal na Qur'an, maraming Hadith (mga salita ng Propeta Muhammadﷺ) ang naglarawan tungkol sa mga katangian ni Maria. Ito ay mga Hadith na pinananaligan at naitala ng kanyang mga kasamahan at

napanatili nila sa mahabang panahon.

Si Tirmidhi, ang isa sa pinananaligang matuwid at pantas na mananalaysay ay nag-ulat na ayon kay Ali bin Abi Talib, sinabi ng Sugo ng Allahﷺ na:

*"Ang pinakadakilang babae (sa kanyang kapanahunan) ay si Maryam (Maria), ang anak na babae ni Imran, at ang pinakadakilang babae (sa panahon ng Propeta Muhammad) ay si Khadijah (ang kanyang asawa), anak na babae ni Khuwaylid."*

At ayon sa pagtatala ni Ibn Jarir, isinalaysay ni Abu Musa Al Ash'ari رضي الله عنه na sinabi ng Sugo ng Allahﷺ na:

*"Maraming lalaki ang nakamtan ang ganap na pananalig at (ngunit) mula sa mga babae, si Maryam (Maria) na anak na babae ni Imran at si Asiyah, ang asawa ni Fir'aun (Paraon) ang nakatamo ng kaganapan lamang."*

## SI MARIA AT ANG BABAING MUSLIM

Maraming panahon na ang lumipas. Sa makabagong takbo ng buhay, tanging babaeng Muslim lamang ang nanatiling may pagkakahalintulad sa pananamit ni Maria. Ipinag-uutos ng Islam sa babaing Muslim bilang isang marangal na mananampalataya na panatiliin ang maayos na pananamit sa pamamagitan ng pagkubli sa anumang bahagi ng katawan na maaaring maging sanhi ng kawalan ng dangal at paggalang. Para sa isang babaing

Muslim, si Maria ay larawan ng isang marangal na babae na dapat tularan sa gawa, kilos at kaayusan. Siya ay isang inspirasyon na hindi maaaring maglaho magpakailanman sapagkat siya ay bahagi ng relihiyong Islam-ang pinagpalang relihiyon ng Dakilang Maykapal. Sa aming paglalahad tungkol sa katayuan ni Maria, ang Dakilang Ina ni (Hesus), ating matatagpuan ang isang banal na pagsasalaysay na kailanman ay hindi natagpuan sa mga aklat ng iba pang relihiyon. Bagama't, ang Kristiyanismo ay isang relihiyon na umiinog sa katauhan ni Hesus at tuwirang umuugnay kay Maria, walang magandang salaysay na maaaring tunghayan sa pahina ng kinikilalang Banal na Kasulatan-ang Bibliya. Ngunit, ang Banal na Qur'an, bilang Huling Kapayahagan ng Dakilang Maykapal ay siyang tanging aklat na nagtanggol sa mga maling paratang na iniuugnay sa katauhan ni Maria at ni (Hesus). Ito ay palatandaan at isang katotohanan, na higit na may karapatan ang relihiyong Islam upang ibantayog sa buong sangkatauhan ang dakilang babae ng Sangkatauhan-Maria, ang Ina ni (Hesus), ang Dakilang Propeta at Sugo ng Makapangyarihang Diyos-ang Allah (swt) ﷻ.

## ANG HULING PANANALITA

Ang maikling lathalaing ito ay humahalaw sa isang mahalagang aspeto ng Islam at ito ay makapagdudulot ng higit pang pang-unawa sa relihiyong Islam. Ang relihiyong Islam ay mayaman sa bawat aspetong nais talakayin at bawat pananaw na inilalahad ay makapagbibigay patnubay at kaalaman at may mga kasaysayan

nagpapaalala sa tao kung paano ang kinahinatnan ng mga lahi ng nagdaang panahon. Matutunghayan din sa Banal na Qur'an ang paglikha kay Adan عليه السلام (Adam) at Eba (Hawa) at kung paano sila nagkasala at paano sila nagbalik-loob sa Panginoong Diyos, tinalakay din dito, ang kasayasayan ni Propeta Nuh عليه السلام (Noah) at ang pagsuway ng kanyang pamayanan at kung paano dumating ang delubyo (malaking baha) bilang parusa sa kanila. Inilarawan din ng Banal na Qur'an ang bunga ng pagtakwil ni Paraon (Fir-aun) sa paanyaya ni Musa عليه السلام (Moises) at Harun عليه السلام (Aaron) sa pagsamba ng Nag-iisang Diyos at kung ano ang naging bunga ng pagtanggi niya. Isinalaysay din ang naging buhay ni Propeta Yusuf عليه السلام (Joseph) at ang kanyang amang si Hakob عليه السلام (Israel) at mga kapatid niyang umalipusta sa kanyang kamusmusan. Matutunghayan din ang kasaysayan tungkol kay Propeta Ibrahim عليه السلام (Abraham), kay Propeta Lut عليه السلام (Lot), Propeta Yunus عليه السلام (Jonas), Propeta Isa عليه السلام (Hesus, anak ni Maria). Binanggit din ang ibang piniling Propeta ng Allah ﷻ na sina Propeta Yahya عليه السلام (Juan), Propeta Elias عليه السلام (Elijah), Propeta Idris عليه السلام (Enoch), Propeta Dawud عليه السلام (David), Propeta Sulayman عليه السلام (Soliman) at marami pang iba.

Hindi lamang mga kasaysayan ang nilalaman ng Banal na Qur'an kundi higit sa lahat mayroon din mga batas na dapat sundin upang sa pagtahak sa masalimuot na agos ng buhay, ang tao ay may pinanghahawakang panuntunan upang makaiwas sa makasalanang Gawain. Mayroon ding mga pamamaraan upang sa gayon, maabot ng tao ang pinakamataas na uri ng kabutihan at mapalapit sa kanyang Panginoon, tulad halimbawa: ang pagsamba, pagdarasal, ang paghingi ng kapatawaran, ang

kawanggawa, ang pagdalangin, ang pag-aayuno at marami pang iba. Kung ano ang makabuluhan sa iba't ibang kalakaran ng ating mundo ay nakaturo lamang sa iisang katotohanan --- ang Pagsamba at Pagmamahal sa Nag-iisang tunay na Makapangyarihang Diyos na Siyang lumikha sa lahat ng nilalang. At ito ang pangunahing handog ng Islam sa lahat ng tao sa buong daigdig. Ang Islam ay isang pamamaraan ng buhay para sa lahat ng panahon at lahat ng pook, isang susi na lapat sa lahat ng pintuan. Isang relihiyong kumikilala sa dambuhalang kalawakan at kumikilala sa pinakamaliit na bagay na nilikha, isang pinag-isang kaayusan para sa pangkalahatan. Ito ang Islam- ang pinagpalang relihiyon ng Dakilang maykapal.

Dinadalangin ko na nawa'y ang maikling babasahing ito ay makatulong sa lahat ng naghahanap ng liwanag tungkol sa tunay na buhay at katauhan ni Maria, ang Dakilang Babae ng Sangkatauhan. Ang kasaysayan ni Maria sa Banal na Qur'an ay isang makabagbag-damdamin na tumitimo sa puso nang dahil sa maalab na salaysay, malinaw na paglalarawan at maging ang mga pananaw na nagbibigay inspirasyon kaugnay ng paksa tungkol sa pananampalataya at buhay.

At dinadalangin ko nawa'y tanggapin ng Dakilang Allah (swt)ﷻ, (ang Panginoon ng lahat ng nilikha) ang pagpupunyagi na ito at pagpalain nawa Niya ang lahat ng taong tumulong upang higit na maisaayos ang lathalaing ito sa paraang maunawaan ng mga mambabasa. Marami pong salamat. Patnubayan nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos.

*Para sa Karagdagang kaalaman tungkol sa Islam mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan:*

***(ISCAG- Philippines)***
***Islamic studies, Call & Guidance- Philippines Congressional Road, Salitran I,***
***Dasmarinas, Cavite***
***Philippines***
***Tel. (0063 46) 416-3371/Fax. 506-1451***
***www.iscag.com***

***(IL&IO)***
***Islamic Library & Information office***
***P.O. Main Box 52916***
***Stall-B, HL Commercial Building***
***Pandan Citicenter-Phase 1***
***Magalang Road, Angeles City***
***Philippines***
***Tel. (0063 45) 877-4577***
***Email: Weblikislm@hotmail.com***

# مريم
## أفضل نساء العالمين

باللغة الفلبينية

برنامج
وفرعها في السماء
دعوة للمساهمة في دعم
خمسة أنشطة للمكتب
**بمبلغ خمسين ريال**
توزع كالتالي :

- كفالة داعية
- رحلات تعليمية
- صدقة جارية
- تبرع عام
- طباعة كتب

١١ / ١٤٢٨هـ

**للمساهمة في البرنامج**

الايداع في الحساب رقم ٤ / ٦٣٩٠ فرع ١٨٥ الراجحي وإرسال صورة الإيداع على فاكس المكتب : ٤٠٥٩٣٨٧
أو التكرم بالحضور إلى مقر المكتب أو التحويل عن طريق الصراف الآلي إلى الحساب رقم ١٨٥٦٠٨٠١٠٠٦٣٩٠٤

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبطحاء
تحت إشراف وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد
هاتف : ٤٠٣٠٢٥١ - ناسوخ : ٤٠٥٩٣٨٧ - ص.ب ٢٠٨٢٤ - الرياض ١١٤٦٥

ISBN: 9960 - 798 - 67 - 4